## Mga nilalaman:

Kasunduang 1-2-3, paghahanda sa gera sa Asia Pacific- P3
Wakasan ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala- P4
Walang rendang dayuhang pagmimina- P6
Tensyon sa WPS lalong pinatitindi ng US-RP at China- P7
Pagkawasak ng kagubatan hatid ng konsesyon ng troso- P8
Raca at iba pang taksil ng rebolusyon - P9
Ani Ka Andrei: usapang pangkapayapaan at DRB- P10
Pulang Saludo: Ka Sandy - P11

# Ang Pulang Larangan

TOMO VIII BLG.4 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN OKTUBRE-DISYEMBRE 2023

## Pasiglahin ang rebolusyonaryong pakikibakang masa sa gitna ng sumisidhing krisis ng naghaharing sistema!

Mas malubhang krisis at ibayong kahirapan ng bayan ang hatid ng pahirap, papet at pasistang rehimeng US-Marcos II sa pagtatapos ng taong 2023. Walang awat ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, singil sa kuryente at tubig, gasolina, mga kagamitan sa pagsasaka habang nananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa, manggagawang-bukid at sadsad sa lupa ang presyo ng produkto ng mga magsasaka at mangingisda. Hindi pa nasapatan dito, masaker ang handog ng rehimeng US-Marcos II sa kabuhayan ng daan-libong drayber at opereytor ng *jeepney* at UV *express* sa pagpapatupad ng PUV *modernization*. Malaking dagok ito hindi lamang sa sektor ng transportasyon sa bansa kundi maging sa iba pang mga kabuhayang kakabit nito—tulad ng kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda na umaasa sa *jeep* at UV *express* sa pagdedeliber ng kanilang mga produkto sa pamilihan at kabayanan laluna sa Palawan kung saan ang kinakatawan ng mga *jeep*, UV *express* at mga *tricycle* ang pangunahing moda ng transportasyon sa lupa.



Walang pagsidlan ang galit ng taumbayan sa pasakit na hatid ng rehimeng US-Marcos. Sa Palawan, nagsara ang taon na natamo ng probinsya ang pinakamababang paglago ng GDP sa buong MIMAROPA sa 1.5% lamang na 'paglago'. Sa kabila ng mga datos na ito, ipinagbunyi pa ng lokal na gubyerno ng probinsya ang katiting na 'paglago' ng ekonomya. Ayon sa pinakahuling datos ng Philippine Statistics Authority, 45.5% ng "paglago" ay nagmula sa sektor ng industriya, 31.5% sa sektor ng serbisyo at 23.1% mula naman sa sektor ng agrikultura, kagubatan (forestry) at pangisdaan. Sa mga ito, ang sektor sa serbisyo ang nagrehistro ng pinakamabilis na paglago tulak ng pagpapaigting ng mga programang pang-ekoturismo ng lokal na gubyerno ng probinsya. Nananatiling pinakamataas ang tantos ng paglago ng sektor sa industriya subalit hindi ito ramdam ng mga manggagawa sa Palawan na pinakamarami ay nagtatrabaho sa mga minahan dahil hindi naman tumaas ang kanilang sahod. Hindi rin maitago ng datos ang nahuhuling paglago ng agrikultura at pangisdaan na kung tutuusi'y pangunahing kabuhayan ng pinakamalaking bilang ng masang Palaweño.

Bagsak ang kabuhayan ng mga magsasaka dahil sa napakataas na gastos sa produksyon at pagkain habang nananatili sa mababang presyo ang kanilang mga produkto. Perwisyo at abala naman sa kabuhayan ng mga mangingisda na limitado lamang ang nararating sa pagpapalaot dahil sa loob ng taon ay halos buwan-buwan ang ehersisyong militar sa West Philippine Sea.

Sa kabila ng palpak na serbisyo, humabol rin sa pagtaas ng singil sa kuryente ang PALECO nitong bungad ng Disyembre sa buong probinsya nang halos P1 kada *kilowatt hour* (kWh) at inaasahan pang tumaas sa pagpasok ng 2024 hanggang sa P17 kada kWh. Lalo nitong ilulugmok ang hilahod nang buhay ng masang Palaweño. Ginagamit ngayong dahilan at mainit na usapin sa probinsya ang serbisyo ng PALECO sa gitna ng napipintong pagpasok ng napakamahal at di-ligtas na enerhiyang nukleyar para umano lutasin ang suliranin sa kuryente sa probinsya.

Nitong Oktubre, iniulat ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na 10% o 130,000 indibidwal na Palaweño ang nabubuhay sa kronikong kahirapan (chronic poverty) o mas mababa sa antas ng karukhaan (poverty threshold). Bagama't di hamak na malayo ito sa mas malaking bilang ng tunay na naghihirap na Palaweño, palatandaan ang ulat na ito ng di maitagong kahirapang dinaranas ng mayorya ng masa sa probinsya.

Kunyaring natigatig ang lokal na gubyerno sa mga dinoktor at pinaliit na mga datos na ito pero pawang mga buladas lamang at taliwas ang ipinakikita ng kanilang mga programa at patakaran. Sa buong taon, tinutukan ng lokal na gubyerno ng probinsya ang pagratsada ng mga proyektong imprastraktura na malinaw na papayong sa todong pagbuyangyang sa probinsya para sa mga engrandeng programang pang-ekoturismo at mga bagong kontrata ng mina. Kahit sa P4.58 bilyong panukalang pondo ng probinsya para sa susunod na taon, napakaliit na 6.29% lamang ang nakalaan para sa ekonomya. Samantala, malaking bahagi ng pondo na P1.4 bilyon ang nakalaan para sa pagpapatuloy ng mga proyektong imprastraktura. Kapansin-pansin ang tutok ng mga proyekto ay ang mga bayang itinakda bilang sentro at pauunlaring sentro ng ekoturismo sa probinsya. Kabilang sa mga ito ang Coron, Culion, San Vicente, El Nido, Puerto Princesa City, Bataraza at Balabac.

Resulta nito, tumutungo na sa isang panlipunang simbuyo ang di maampat na sosyo-ekonomikong krisis ng malakolonyal at mala-pyudal na lipunang Pilipino. Niyayanig nito ang dating pumosturang matibay na alyan-sang Marcos-Duterte na masasalamin sa kanya-kanyang balyahan at dupangan ng magkabilang kampo. Sa isang panig, gagawin ang lahat ng kampong Marcos-Romualdez para protektahan ang kapit sa estado-poder at sa kabilang panig, ng mga Duterte para muling agawin ang kapangyarihan at protektahan ang sarili sa tiyak nang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC). Inilantad mismo ni Eduardo Año na kasalukuyang National Security Adviser ni Marcos at dating masugid na alagad ni Duterte na nagpaplano ng kudeta ang huli sa dikta ng China. Kasabay nito, makikita naman ang labis na pangangayupapa ng reaksyunaryo at papet na rehimeng Marcos II sa interes at kumpas ng imperyalismong US para patunayan ang kanyang ganap na katapatan dito sa kapinsalaan ng bayan.

Ang pampulitikang simbuyong ito ay nakatakdang tumindi pa sa pag-igting ng pang-ekonomyang krisis. Habang kumikitid ang yamang pinag-aagawan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri, lalo


## Ang Pulang Larangan

*Ang **Ang Pulang Larangan** ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*

silang nagiging masiba at agresibo. Hindi malabong sadyang tumungo ito sa isang madugong kudeta at sukatan ng lakas sa pagitan ng dalawang paksyon ng naghaharing uri na nasa likod ang magkaribal ding imperyalistang kampo ng US at China.

Sa lahat ng senaryong ito, ang mamamayang Pilipino ang tiyak na talo—hindi na nga magkamayaw sa paghahanap ng kabuhayan sa araw-araw, magiging biktima pa sila ng madugong agawan sa kapangyarihan at kayamanan ng mga Marcos at Duterte. Walang dapat kampihan sa sinuman sa kanila ang mamamayan. Malinaw na sila ay kapwa kaaway ng sambayanang Pilipino—mga angkan na grabeng nagpahirap sa mamamayan para sa sariling kapakinabangan at para pagsilbihan ang mga dayuhang amo nila. Mahaba ang rekord ng angkan ng mga Marcos at Duterte sa kanilang mga krimen ng dambuhalang pagnanakaw sa kaban ng bayan at pinakamalalang paglabag sa karapatang tao at demokrasya ng mamamayan sa kasaysayan ng bansa kabilang ang pagmasaker sa buhay at kabuhayan ng masa.

Dapat lalong palakasin ang pakikibaka ng bayan para sa kanilang buhay, kabuhayan at karapatan. Sa gitna ng ganitong sitwasyon, lalong dapat pahigpitin ng mamamayan ang kanilang pagkakaisa para isulong ang pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa at manggagawang-bukid, pataasin ang presyo ng mga produktong bukid ng mga magsasaka, igiit ang kalayaan sa paghahanapbuhay ng mga mangingisda, itaas ang sweldo at bigyan ng karampatang benepisyo ang mga kawani, propesyunal at igiit ang makalidad at abot-kayang serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, pabahay, kalusugan at hustisya para sa lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang-pantao.

Ang mga pakikibakang ito ay dapat iugnay sa mas malalaking laban ng bayan para sa tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at pagkakamit ng hustisyang panlipunan. Dapat palakasin at higit pang palawakin ang kilusan para sa pambansang demokrasya at kalayaan. Sa oras na pumutok ang kudeta sa pamumuno ng mga Duterte o ang gera sa pagitan ng US at China saanmang panig ng bansa, dapat itong labanan ng mamamayan sa pamamagitan ng pambansang digmang mapagpalaya. Pinatunayan ng mahabang kasaysayan ng daigdig na tanging sa pamamagitan ng isang rebolusyonaryong digma para sa kalayaan, demokrasya at sosyalismo mawawakasan ang digmang mapanakop at mapanupil ng mga imperyalista at lahat ng reaksyon. Panahon na para kamtin ng mga Pilipino ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya patungo sa sosyalismo.

Nasa pusisyon ang Partido Komunista ng Pilipinas para pamunuan ang pakikibakang ito at dalhin sa bago at mas mataas na antas ang digmang bayan. Sa loob ng 55 taon, pinatunayan nitong tanging ang PKP lamang sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan ang tunay na nagsusulong ng interes ng masang Pilipino. Ngunit magagawa lamang ng Partido na iahon ang sambayanang Pilipino sa gapos ng daantaong pagkaalipin kung kasabay ang malawak na hanay ng mamamayan sa pambansang kilusan at rebolusyon para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. APL

BALITA

## Kasunduang 1-2-3, paghahanda ng US at Pilipinas sa ikinakasang gera sa Asia Pacific

Nilagdan nitong Nobyembre 17 kapwa ng mga kinatawan ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas at ng US ang 123 Agreement Negotiations for Civil Nuclear Energy Cooperation. Itinuring ang naganap na pirmahan na isang panandang-bato ng "mutwal na pakikipagkaisa" ng mga bansa. Saksi rito mismo ang papet na si Ferdinand Marcos Jr. habang ginaganap ang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Summit sa San Francisco, California. Sa ilalim nito, pahihintulutan ang mga korporasyon ng US na mamuhunan at mag-*export* ng *nuclear fuel*, *reactors*, *equipment* at iba pang *specialized nuclear materials* sa bansa.

Nilalayon umano nito na panghawakan ang mga probisyong nilalaman ng U.S. Atomic Energy Act - Section 123 na rekisito sa pagkakaroon ng "isang mapayapang *nuclear cooperation agreement*" para sa pagpasok ng mga materyales at kagamitang nukleyar ng US sa mga "kaugnayan" nitong bansa. Umaayon ito sa paimbabaw at mapanlinlang na postura ng US na mariing itulak at tiyakin ang mga prinsipyo ng *non-proliferation* (pagbabawal para sa produksyon ng mga armas-nukleyar), at pangasiwaan umano ang kooperasyon sa iba pang aspeto tulad ng siyentipikong pananaliksik, palitan sa teknika, at *safeguards discussions.*

Ani Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC-NPA Palawan, "Malinaw na ikinukubli ng Kasunduang 1-2-3 ang papasaklaw na dominasyon ng imperyalistang US at mapang-upat nitong paghahanda sa ikinakasang gyera sa rehiyong Indo-Pacific, sa tabing ng pagnanais ng US na tugunan ang krisis sa enerhiya ng ating mga kapuluan. Umaayon ito sa nasimulan nang kasunduan at hakbanging militar tulad ng EDCA, Balikatan *exercises*, at di bababa sa 11 base-militar kabilang na ang apat na matatagpuan sa ating probinsya." APL

PULANG GIYA

Pahayag ni Leona Paragua
Tagapagsalita
National Democratic Front of the Philippines-Palawan
Oktubre 21, 2023

# Wakasan ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala, lutasin ang malawakang kahirapan at kagutuman! Itanghal at dakilain ang uring magsasaka!

Ngayong Oktubre, buwan ng mga Magsasaka, dinadakila ng National Democratic Front-Palawan ang malawak na hanay ng uring magsasaka kabilang ang mga manggagawang bukid at mga mangingisda sa probinsya at buong bansa. Dapat itanghal ang kanilang kabayanihan sa araw-araw nilang pagpapapagod at pagpapakasakit, katuwang ang uring manggagawa, upang pakainin ang buong lipunan sa harap ng sukdulang pagpapahirap ng rehimeng US-Marcos II.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay atrasado, pre-industriyal at agraryan. Mayroon itong 124,400 ektarya ng lupang agrikultural na kalakhan ay maliitan at hiwa-hiwalay ang produksyon. Lubhang inaapi at pinagsasamantalahan ang masang magsasaka na bumubuo ng halos 75%. Pinahihirapan sila ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala ng uring panginoong maylupa, laluna ang malalaking kumprador-panginoong maylupa kasabwat ang papet at pahirap na estado ng rehimeng US-Marcos II. Tahasang ibinubuyangyang ng kasalukuyan at bawat nagdaang administrasyon ang bansa sa monopolyo-kapitalistang pandarambong sa anyo ng direktang pamumuhunan, kolonyal na kalakalan, ayuda at mga proyekto sa tabing ng USAID.

Sa Palawan, inilunsad ng Department of Agriculture -Mimaropa, kasama ang pribadong kumpanyang debeloper na DAI Global LLC, nitong Setyembre ang 1st Regional Farmer and Fisheries Clustering and Consolidation Cluster Summit para sa implementasyon ng Safe Water Project. Nangangarap ang rehimen at imperyalismong US na makakamit ang seguridad sa pagkain at tubig sa probinsya sa pamamagitan lamang ng nasabing programang patubig at mga pabalat-bungang programang pangkabuhayan.

Itinakda ni Marcos II ang kanyang sarili bilang kalihim ng Department of Agriculture upang direktang kontrolin ang produksyong pang-agrikultura sa bansa. Sa pamamagitan nito, ipinatupad niya ang liberalisasyon sa agrikultura at labis na pagsalig ng bansa sa import ng mga produktong pang-agrikultura sa kapinsalaan ng lokal na mga prodyuser, pangunahin na ng masang magsasaka. Ipinagpatuloy niya ang Rice Tariffication Law na isinabatas ng nagdaang rehimeng US-Duterte. Nagresulta ang mga neoliberalisasyon ng pahirap at anti-magsasakang patakaran ng rehimen sa agrikultura. Dinisloka nito ang kabuhayan ng mga magsasaka't manggagawang-bukid bunsod ng labis na pagbaha ng mga *imported* na produktong agrikultural.

Kaugnay nito, inianunsyo ng mga upisyal ni Marcos II noong Setyembre ang planong pagbabawas hanggang pagtatanggal ng taripa sa *imported* na bigas para diumano'y "ibaba ang presyo" nito sa pamilihan. Lalo nitong pababahain ang *imported* na bigas sa pamilihan at hihila sa presyo ng bentahan ng palay sa kapinsalaan ng mga magsasakang Pilipino. Ang planong ito ng rehimen ang ipinampalit sa bigong Executive Order 39 ni Marcos II matapos itong salungatin ng kanya ring sariling mga opisyal at pag-angal ng mga maliliit na manininda at negosyante. Hindi nito tinupad ang pangakong bigyan ng subsidyo ang mga magsasaka kapalit ng itinakdang mababang presyo ng palay.

Kabalintunaan na habang sumisirit ang presyo ng bigas sa pamilihan, sumasadsad naman ang kalagayan ng mga magsasaka sa palayan. Sa maraming bayan sa Palawan, ang pinakamura nang halaga ng kada kilo ng bigas sa pamilihan ay P50. Partikular sa Narra, ibinebenta ng mga magsasaka ang kanilang produktong palay sa halagang P21 lamang sa *farmgate*. Sa ganito, luging-lugi ang kalakhan ng mga magsasaka dahil sa mataas na gastos sa produksyon, laluna ang petrolyo at abono. Malaki rin ang gastos sa pagpapapagiling. Nananatiling maliitan at hiwa-hiwalay ang produksyon, di mekanisado at malaking bahagi sa probinsya ay nakaasa lang sa ulan para sa patubig. Kung isinadsad pa ng rehimen ang presyo ng palay sa *farmgate* sa P19-23 kada kilo para sa mga tuyong palay at P16-19 kada kilo para sa basang palay, malaking dagok ito para sa magsasakang Palaweño lalo't wala namang ayuda at suportang ibinibigay para sa kanila. Nitong mga

nakalipas na malalakas na hagupit ng bagyo at habagat, daan-daang ektarya ng palayan sa hilaga at gitnang Palawan ang lumubog sa baha ngunit kapos at barya lamang ang ayudang ibinigay sa kanila ng lokal na gubyerno.

Sa ilalim din ng rehimeng US-Marcos II, inaprubahan ang mga proyektong reklamasyon, *renewable energy* at mina at pinadali ang pagdambong ng mga dayuhang kapitalista sa rekurso ng bansa. Matatandaang hayagang inilalako ni Marcos II at kanyang mga alipures sa mga dayuhang monopolyo-kapitalista ang Pilipinas para sa pagmimina. Dahil dito, tiyak na namang dadami ang mga operasyon ng mga dambuhala at mapaminsalang mina laluna sa Timog Palawan. Wawasakin nito ang kalikasan at kapaligiran at magdidisloka pa sa tirahan at kabuhayan ng malaking bilang ng magsasaka at katutubong Palaweño.

Sa kabila ng kahilingan ng mga magsasaka at katutubo na itigil na ang mga plantasyong *monocrop* tulad ng *oil palm*, lalong iniengganyo ng estado ang pagpapalawak sa mga ito. Sa mga plantasyong ito, nilinlang ang mga magsasaka at katutubo na pumirma sa kontrata. Malubha ang umiiral na malapyudal na pagsasamantala rito tulad ng kawalan ng benepisyong dapat na natatanggap ng mga manggagawang-bukid at walang nireregular sa kanila. Napakababa rin ng pasahod sa kanila na umaabot lamang ng P215 kada araw.

Dagdag pa rito ang ginagawa ng rehimen at lokal na reaksyunaryong gubyerno na iskema ng pagpapalit-gamit ng lupa tungong iba't ibang klasipikasyon upang kamkamin ang lupa ng mga magsasaka. Noong Setyembre, gumugulong na ang muling pagtatasa sa gamit ng lupa sa El Nido na tiyak na magbibigay-daan sa ibayong pagpaparami ng mga pook para sa eko-turismo at residensyal sa nasabing bayan.

Nalulunod din sa kahirapan ang mga mangingisdang Palaweño sa kakaunting nahuhuli nila dahil sa mapanggipit na mga patakaran ng rehimen at lokal na gubyerno sa pangingisda. Tampok dito ang pagbabawas ng araw kung kailan sila maaaring makapaglaot sa saklaw ng karagatan na limitado rin. Dahil din sa mga patakarang neoliberal, maging ang isda na kanilang nahuhuli ay may kakumpetensyang mga *imported* na produktong isda sa pamilihan. Bukod sa ginagawang pagtataboy at panggigipit ng mga sasakyang pandagat ng imperyalismong China, abala rin sa mga mangingisda ang halos buwan-buwang mga ehersisyong militar ng imperyalismong US at mga alyado nito sa karagatang saklaw ng eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Kasabay ng ribalan ng dalawang malaking imperyalistang bansa sa WPS, target ng pandarahas ang mga magsasaka sa walang-puknat na *focused military operations* at *retooled community support program operations* ng rehimen. Ang mga lehitimo at makatarungang pakikibaka ng mga magsasaka at iba pang mamamayang Palaweño ay laging nire-*redtag* para bigyang katwiran ang pandarahas sa kanila. Pinakahuli ang iligal na pag-aresto at pagdetine sa anim na indibidwal na kabilang sa mapayapang nagpoprotesta sa iligal na operasyon ng Ipilan Nickel Corporation.

Hindi kailanman malulutas ng estadong malakolonyal at malapyudal ang kahirapan, malawak na kagutuman at mataas na implasyon sa Palawan at sa buong bansa dahil pinanatili nito ang mapagsamantalang relasyong pyudal at malapyudal na nagpapahirap sa mga pangunahing prodyuser ng pagkain sa bansa—ang magsasaka at mangagawang bukid. Pangunahin dito ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa kaakiba't ang pambansang industriyalisasyon na siyang tanging magbibigay katiyakan para sa seguridad sa pagkain ng bansa. Dagdag na pahirap sa mga magsasaka ang mataas na gastos sa produksyon, burukratikong korapsyon, liberalisasyon at malakihang importasyon ng mga produktong agrikultural, pagpapalit-gamit at pangangamkam ng lupa sa kapakinabangan ng malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang agro-korporasyon,

Malubhang naapektuhan din ang mga magsasaka ng pagpapalawak ng minahan, pagkalason ng tubig dahil sa mga kemikal gamit sa pagmimina, plantasyong *monocrop*, pagkasira ng kalikasan na nagpabago ng klima na nagdudulot ng kalamidad dala ng mas dumadalas na malalakas na mga bagyo at pagbaha. Lahat ng ito ay nagdudulot ng panlipunang ligalig.

Sa kabila ng sagana sa likas na yaman ang bansa at kung tutuusin ay kaya nitong makatayo-sa-sarili at tiyakin ang seguridad sa pagkain, subalit dahil sa papet na estadong sunud-sunuran sa dikta ng imperyalistang globalisasyon nanatili ito sa pagiging atrasado, pre-industriyal at agrikultural. Hindi ito makalikha ng surplas na kapital para ibunsod ang industriyalisasyon sa bansa upang lutasin ang kahirapan at kagutuman.

Nananawagan ang NDF-Palawan na sa ganitong kalagayan, walang ibang solusyon sa problema ng

masang magsasaka kundi isulong ang digmang bayan. Dapat silang magkaisa at palakasin ang hanay at tumalima sa pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM). Dapat makipagkaisa sa iba pang inaaping uri at sektor sa lipunan sa balangkas ng pambansang nagkakaisang prente.

Isulong ang rebolusyong agraryo na may maksimum na layuning kumpiskahin ang lupa ng malalaking panginoong maylupa at malaking burgesyang kumprador para sa libreng pamamahagi ng lupa sa wala at kulang ang lupa. Sa kagyat ay ibubunsod ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi ng usura ng komersyante-usurero, pagpapataas ng sahod ng manggagawang-bukid at pagpapataas ng produksyon bilang minimum na layunin.

Kaalinsabay ay dapat ipanawagan ang sapat na ayuda at subsidyo sa mga magsasaka, pagbabasura ng mga neoliberal na patakaran, tampok ang Rice Tarrification Law at ang malawakan at malakihang importasyon ng produktong agrikultural.

Dapat ding labanan ang pasismo at terorismo ng estado na tinatarget ang nakikibakang magsasaka at iba pang aping sektor para sa kanilang mga lehitimong interes at demokratikong mga karapatan.

Tanging sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan mawawakasan ang pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala sa masang magsasaka at sa buong sambayanan. Itatayo ang estadong tunay na magsisilbi sa mayorya at mawawakasan sa bansa ang kahirapan at malawak na kagutuman. APL

## Walang rendang dayuhang pagmimina, hayagang inanyaya ng rehimeng US-Marcos II

Hayagang nag-anyaya si DFA Sec. Enrique Manalo ng dayuhang pamumuhunan sa mina sa bansa sa naganap na pulong ng UN General Assembly sa New York noong Setyembre 22.

Aniya, nais ng rehimen na magpalawig ng kooperasyong pang-ekonomya sa US sa larangan ng pagmimina ng *chromium* at *nickel* at produksyon ng mga baterya. Nakabatay rin ito sa "substantibong adyenda" na nais kamtin sa ginanap na Sustainable Development Goals (SDG) Summit ng UN. Tinatarget ng rehimen na paramihin ang bilang ng mga dayuhang dambuhalang kumpanya sa mina, laluna ang pang-eenganyo sa mga mamumuhunan ng *battery components manufacturing*.

Nauna nang nagpahayag si Marcos Jr. at kanyang mga alipures sa mga dayuhang gubyerno at negosyante para magmina sa Pilipinas. Ang pagmimina ng *nickel* ang isa sa mga adyendang pinag-usapan sa byahe ni Marcos Jr. sa Japan noong Pebrero.

Bilang dagdag na hakbang, pinalusot sa Kamara ang panukalang batas na magpapababa sa *royalty* na kukunin ng gubyerno sa *output* ng mga minahan sa mga itinakdang *mining reservation* sa bansa mula 5% tungong 4%.

Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, "Hindi mapagtatakpan ng anumang buladas at hinabing ilusyon ng pag-unlad na ipinamamarali ng estadong malakolonyal at malapyudal ang realidad na naglilingkod at pinananatili nito ang maka-imperyalistang patakaran sa ekonomya. Pangita ang pangangayupapa at pandarambong nito sa ngalan ng monopolyo-kapitalistang supertubo at lubusang kontrol sa masang anakpawis. Hindi matutumbasan ng matatabong ganansya sa iresponsableng pagmimina ang di mapapanag-uling pagkawasak ng kalikasan, at malulubhang epekto sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Dinadala lamang tayo ng mga ito sa kumunoy ng karalitaan at lubusang pagsandig sa dayuhang pamumuhunan."

Panawagan niya, "Kailangang isanib ang tumitinding pagkamuhi at pagtutol nila sa iba pang pinagsasamantalahang mamamayan sa buong bansa at maging sa mundo at sa lumalakas na boses para sa rebolusyonaryong pagbabago. Tanging sa pagtitiyak ng tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba, sa tanglaw at di magagaping pamumuno rito ng Partido Komunista ng Pilipinas, at ang pagpapatupad ng progresibo at makabayang patakaran sa ekonomya – na siyang esensya at kumakatawan sa 12-Puntong Programa ng NDFP – ang lubusang hahawan sa landas tungong kasaganaan at kaunlarang malaya sa dayuhang dominasyon at pagsasamantala. Ang kolektibong pagpapasya at armadong paglaban ang maghahatid sa atin sa tunay na malaya at demokratikong lipunan." APL

# Tensyon sa West Philippine Sea, lalong pinatitindi ng agresibong mga hakbang ng US-RP at China

Ngayong huling kwarto ng taon, ibayong pinatindi ang agresibo at mapang-upat na mga aktibidad militar ng imperyalistang US sa WPS. Sinasakyan nito ang lehitimong paggigiit ng bansa sa karapatan nito para sa *exclusive economic zone* sa WPS at pinalalabas na alyado at kakampi sila. Gayunman, pawang mga panggagatong ito sa dati nang mainit na tensyon sa rehiyon.

**Oktubre 4.** Hinarangan ng barko ng China ang isa na namang *resupply mission* ng AFP sa nakaistasyong tropa nito sa BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal. Tinawid ng Chinese Coast Guard *vessel* 214556 ang landas na tinatahak ng Philippine Coast Guard *vessel* na BRP Sindangan at biglang huminto na maaaring humantong sa insidente ng banggaan kung hindi naiwasan ng PCG. Kasabay nito, iniulat din ng PCG ang pagdikit ng PLA Navy *vessel* 630 sa barko ng PCG sa distansyang 800 metro. Bago nito, naiulat din ng PCG ang presensya ng Y8Q *spy plane* ng China noong Oktubre 3 habang nagbibyahe ang mga tropa ng PCG papalapit sa Royal Captain Shoal.

**Nobyembre 9-20.** Inilunsad ang ikapitong bugso ng KAMANDAG (Kaagapay ng mga Mandirigma ng Dagat), isang taunang pagsasanay militar sa pagitan ng Philippine Marine Corps at US Marine Corps na sinimulan mula pa 2016. Nilahukan ito ng 1,800 pwersang militar ng US, Pilipinas at mga maka-US na bansang Japan at South Korea. Nakapokus ang pasasanay-militar sa pagpapataas diumano ng kakayahang magdepensa sa baybayin sa pamamagitan ng Small Unmanned Aircraft System (SUAS) o paggamit ng maliliit na sasakyang panghimpapawid na de-kompyuter at di sinasakyan ng tao o mas popular na tawaging *military drones.*

**Nobyembre 10.** Tinangkang harangan ng 38 barko ng China ang dalawang *supply boat* at tatlong barko ng PCG. Pinalala pa ang tensyon ng presensya ng isang US Navy plane na umikot sa itaas ng nabanggit na lokasyon na mistulang nanonood sa pangyayari. Tinarget din ng *water cannon* mula sa barko ng China *coast guard* ang ML Kalayaan, isang *rescue vessel* na hiniram ng Philippine Navy.

**Nobyembre 13.** Iniulat ng PCG ang pagdumog ng mahigit 135 barko ng China sa Whitsun Reef na kilala rin bilang Julian Felipe Reef, 175 *nautical miles* ang layo sa bayan ng Bataraza at bahagi ng *exclusive economic zone* (EEZ) ng Pilipinas.


**Disyembre 5.** Nabangga ng China *cargo ship* MV Tai Hang 8 ang isang bangkang pangisda ng mga Pilipino na Ruel J sa katubigang saklaw ng Paluan, Oriental Mindoro. Pag-aari ng Palaweñong si Jaziel Juano, residente ng Brgy. Bagong Silang, Puerto Princesa City ang bangkang pangisda.

**Disyembre 11.** Inilunsad ang isang *phone conference* sa pagitan ni AFP Chief Brawner Jr. at ang pinuno ng US Joint Chiefs of Staff Charles Brown, Jr. Layunin umano ng pag-uusap ang pagpapahigpit ng tulungan sa pagitan ng US at Pilipinas bilang tugon sa mga mapanghamong aktibidad ng China. APL

OKTUBRE 4



KAMANDAG 07-23



NOBYEMBRE 10




*Pinalibutan at hinarangan ng CCG at CCM vessels ang Unaizah Mae 1 at BRP Sindangan.*



*Hinarangan ng Chinese Coast Guard vessel (kaliwa) ang ML Kalayaan (kanan).*

NOBYEMBRE 13



DISYEMBRE 5



*Bangkang lulan ang limang mangingisdang Pilipino na binangga ng MV Tai Hang 8 ng China.*

DISYEMBRE 9



*Binomba ng tubig ng barko ng CCG ang vessels ng BFAR sa isang resupply mission para sa mga mangingisda malapit sa Bajo de Masinloc.*

# MATUTO SA KASAYSAYAN: Ang pagkawasak ng kagubatang hatid ng mga konsesyon sa pagtotroso

Nangunguna ang Palawan sa mga probinsya sa buong bansa na pinakatalamak ang pagtotroso. Sa loob lamang ng dalawang dekada mula 2002-2022, umaabot na sa 44,100 ektarya ng pangunahing kagubatan (primary forest) ang nawala, o 202,000 ektarya ng nakalbong lupain sa probinsya. Nakaaalarma ang lubhang laki at layo nito kumpara sa abereyds na 15,900 ektaryang nakakalbong kagubatan sa ibang probinsya. Hanggang sa kasalukuyan, labis na pinaglalawayan ng mga konsesyon sa pagtotroso ang natitirang 692,288 ektaryang lupaing kagubatan ng probinsya, o 69.5% ng kabuuang lawak ng probinsya, ang pinakamalawak na lupaing kinlasipika bilang kagubatan sa buong rehiyon.

Sa kasaysayan ng Palawan, naging malawakan ang deporestasyon o komersyal na pagtotroso. Kalakhan ng mga troso ay inieeksport sa labas ng bansa, o kung di ma'y ibebenta para gawing materyales sa paggawa ng mga resort at iba pa para sa ekoturismo at luho ng mga naghaharing-uri. Malaking salik din ang mga operasyon ng dambuhalang mina at ang pagtatransporma ng kagubatan tungong plantasyong agro-industriyal tulad ng *oil palm* at iba pang *cash crops*.

Itinuturo ng mga mahihigpit na reaksyunaryong patakaran sa kalikasan sa pagkakaingin at pag-uuma ng mga magsasaka at katutubo ang pagsira sa kagubatan para ilihis ang sisi sa mga tunay na salarin. Mahigpit nilang ipinagbabawal ang pagkakaingin bilang hanapbuhay ng mga residente gayong ang pangunahing nagwawasak sa kalikasan at kagubatan ay ang mga malawakan at malakihang operasyon ng malalaking burgesya kumprador na nagpapasasa sa yamang troso at mineral ng probinsya at ng mga plantasyon sa *oil palm* at *rubber tree* na pang-eksport. Ang mga ito ang dapat managot sa malawakang pagkakalbo ng kagubatan.

Marapat singilin at papanagutin ang promotor sa pagkakalbo ng kagubatan na si Jose Chavez Alvarez (JCA) na nagmamay-ari ng Pagdanan Timber Products. Ito ang pinakamalaki at pangunahing kumpanya sa pagtotroso sa probinsya, na may kasunduan ng lisensya sa pagtotroso (timber license agreement) na sumasaklaw sa 168,000 ektarya. Si JCA, ang pinakamayaman at pinakamakapangyarihang burukrata sa probinsya, ay nagkamal ng kanyang yaman sa operasyon ng pagtotroso sa kagubatan ng Palawan at pag-aari ng mga hotel at iba pang signipikanteng negosyo sa *real estate* sa probinsya.

Sa ilalim ng kanyang termino bilang gobernador ng Palawan mula 2013 hanggang 2022, sumikad ang pagpuputol ng puno sa probinsya. Sa nakaraang isang dekada, umabot sa 104,668 ektarya ang pinutol na puno o 8.8% ng buong kagubatan ng probinsya. Pinakamalubha sa kasaysayan ang naitalang mahigit 20,600 ektaryang kinalbong gubat para sa taong 2022 lamang.

Ginawang *logging town* ni JCA ang San Vicente kung saan umaabot sa 1,397 ektarya ng kagubatan nito ang nawala sa nagdaang dalawang dekada. Iniresulta nito ang pagbanlik ng mga wawa ng ilog sa bayan, pinsalang hindi na mapapanag-uli na hanggang ngayon ay patuloy na nagpapaalaala sa mamamayan dito sa pagkagahaman ng Pagdanan na wasakin ang kalikasan ng kanilang bayan.

Kahit pa ipinagbawal na ang operasyon ng pagtotroso ng Pagdanan Timber Products sa San Vicente dahil sa idinulot nitong pinsala doon, inilipat lamang ang operasyon nito sa iba pang bayan sa probinsya. Matatagpuan ang malalaking operasyon ng pagtotroso sa Rizal, Bataraza, Quezon, Roxas at Taytay, mga bayan kung saan kapansin-pansin din ang malawakang epekto ng pagkakalbo sa kagubatan.

Pinakamalala ang pagpuputol ng puno sa bayan ng Rizal, kung saan 28,300 ektaryang kagubatan ang kinalbo ng mga operasyon sa pagtotroso mula 2001-2022, o 52% ng kabuuang nakalbong kagubatan ng probinsya. Sumusunod dito ang Puerto Princesa (21,100 ektarya), Roxas (20,900 ektarya), Bataraza (17,200 ektarya) at Taytay (17,100 ektarya).



Dagdag pa sa operasyon ng pagtotroso ng mga burgesya kumprador sa probinsya sa pangunguna ni JCA, labis na ginahasa rin ng mga operasyon sa pagmimina ang kagubatan ng probinsya. Kung saan naroon ang mga operasyon ng mina, naitala ang malawakang pagpuputol ng puno. Sa loob ng isang dekada mula 2011-2020, nawala ang 1,641 ektarya ng gubat sa Bataraza, 1,380 ektarya sa Quezon, 755 ektarya sa Sofronio Española, 687 ektarya sa Brooke's Point at 646 ektarya sa Narra.

Mahigpit na tinututulan ng mamamayan ang mga konsesyon sa pagtotroso ng mga burgesya kumprador sa probinsya. Nagdudulot ito ng pagkawasak ng kapaligiran at kalikasan at ng mabilis na pagbabago ng klima. Naranasan ng Palawan sa nagdaang mga taon ang malalakas na mga bagyo na nagdulot ng malawakang pagbaha sa mga bayan kung saan naging laganap ang pagmasaker sa mga puno. Malaki rin ang epekto nito sa *biodiversity* ng probinsya kung saan nawawalan ng natural na tirahan ang iba't ibang mga halaman at hayop. Ayon sa pananaliksik, nabawasan nang 60% ang mga *specie* ng ibon sa mga plantasyon ng *oil palm* at *rubber tree* kumpara sa mga natural na gubat na kalapit nito.

Nagdudulot din ito ng pagkabawas ng rekursong tubig kung saan naiiga ang mga sapa at ilog malapit sa pinagputulan ng mga puno. Bahagi ng mga nakalbong kagubatan sa Brooke's Point, Bataraza at Rizal ay *watershed area* ng mga komunidad na pangunahing pinagkukunan nila ng tubig. Naitala ang pagkabawas ng suplay ng tubig sa Pulot *watershed* sa Sofronio Española na nagdulot ng pagbaba ng produksyon ng palay sa mga lugar na sinusuplayan ng Pulot Communal Irrigation System. Kung magtutuluy-tuloy ang pagkalbo ng gubat dito, bababa nang 20% ang produksyon ng palay sa Pulot at tinatayang nasa P19.97 milyon ang mawawalang ganansya sa ekonomya sa isang taon.

Huwad ang pagsisikap ng lokal na reaksyunaryong gubyerno na panatilihin ang kagubatan nito at palitan ang mga pinutol na puno. Ang mga naging proyekto nito para sa reporestasyon tulad ng National Greening Program (NGP), Strategic Environmental Plan (SEP) at iba pang programa ng Palawan Council for Sustainable Development (PCSD) at pagtatayo ng mga plantasyon ng *oil palm* ay mga proyekto lamang para ikubli ang pangangamkam ng lupa ng mamamayan at higit pa ngang nakasira ng ekosistema ng mga hayop at halaman. Noong 2018, nagpasa ng resolusyon ang PCSD na paliitin ang protektadong lupain ng Palawan para bigyang-daan ang mga operasyon ng pagtotroso, mina, eko-turismo at malawakang pagpapalit-tanim ng *cash crops*. Ano pa nga bang aasahan sa PCSD, ang reaksyunaryong ahensyang nakatalagang magprotekta sa mayamang kalikasan ng Palawan, kung ito ay kinokontrol ni JCA, ang numero-unong nakikinabang ng kagubatan ng probinsya?

Napakarami nang masasamang epekto ng pagtotroso sa kalikasan maging sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Palaweño. Gayunman, walang aasahang sinseridad sa lokal na reaksyunaryong gubyerno na pangalagaan ang kagubatan ng Palawan hangga't naghahari ang sabwatang Socrates at Alvarez sa probinsya dahil sa bawat punong kanilang pinuputol, tiyak ang yamang kanilang maibubulsa.



# Raca at iba pang taksil sa rebolusyon, naghasik ng lason at kasinungalingan sa isang *hearing* sa senado

Tahasang naghasik ng lason at kasinungalingan si Justin Kate Raca at iba pang taksil ng rebolusyon sa inilunsad na *hearing* sa senado hinggil sa 'student radicalization and recruitment to communist groups' noong Nobyembre 30. Nagpahayag sila ng mga paninira sa rebolusyonaryong kilusan at *red-tagging* sa ligal na demokratikong kilusang masa. Tinalakay nila sa nasabing pagdinig ang dahilan umano bakit maraming kabataan ang sumasapi sa rebolusyonaryong kilusan. Pinangunahan ang nasabing pagdinig ng sagad-saring anti-komunista at pasistang si Ronald "Bato" dela Rosa.

Si Raca ay sumuko sa Western Command-AFP (WESCOM) noong Disyembre 2021 at mula noon ay garapalan nang nagpagamit sa pasistang NTF-ELCAC. Kalaunan, sumapi siya sa Philippine Marines.

Ayon sa pahayag ni Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, "Nag-aambisyon si Raca at mga amo nito sa AFP, WESCOM at NTF-ELCAC na malilinlang at mapaniniwala nila ang taumbayan sa kanilang pagsisinungaling at paninira sa rebolusyonaryong kilusan. Sa halip, lalo nilang tinuturuan ang mga kabataang mag-alam at magsaliksik sa bawat inhustisyang nasasaksihan at nararanasan nila. Higit sa lahat, lalong ginagatungan ng kanilang desperasyon ang marubdob na pagnanasa ng mga kabataan at ng buong bayan na humulagpos sa gapos ng pang-aapi at pagsasamantala, at ganap na lumaya mula sa imperyalismo, pyudalismo, burukrata-kapitalismo at pasismo."




Kolum ni Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC-NPA Palawan

# Hinggil sa usapang pangkapayapaan at ang lugar nito sa demokratikong rebolusyong bayan

Marubdob na pagbati ng pakikipagkaisa at puspusang paglaban!

Ikinalugod ng sambayanan ang pagbubukas ng National Democratic Front of the Philippines at gubyerno ng republika ng Pilipinas sa usapang pangkapayapaan nitong Nobyembre. Sa panig ng PKP at BHB, sa buong bansa at maging sa Palawan, isa itong magandang panimula para muling magtagpo ang magkabilang panig sa lamesa ng negosasyon at pag-usapan ang sustantibong mga adyendang kumakatawan sa pangunahing mga hinaing at interes ng sambayanang Pilipino. Buo ang suporta at tiwala ng rebolusyonaryong kilusan sa Palawan sa hakbanging ito ng NDFP sa pangunguna ng ating Negotiating Panel na sina Ka Julie de Lima, Ka Louie Jalandoni, Ka Coni Ledesma at Ka Asterio Palima. Gayunman, batid naming isang panimulang hakbang pa lamang ito, at kung tutuusi'y pambungad pa lamang sa isang mahabang martsa ng pagsulong tungo sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Sa dikta ng imperyalismong US, inilatag ng nagdaang mga rehimen, laluna ng nakalipas na rehimeng Duterte at ipinagpapatuloy ni Marcos Jr., sampu ng mersenaryong AFP-PNP ang mga tinik at tilos sa landas ng kapayapaan. Inihasik nila ang pinakamadugong kampanyang supresyon sa tabing ng gyera kontra-terorismo sa imbing layuning wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at igupo ang determinasyon at pakikibaka ng bayan sa pamumuno ng PKP. Kung gayon, para magtuloy ang usapan, dapat alisin mismo ng rehimeng US-Marcos II ang mga tinik at tilos na ito.

Kaagad na naghuramentado ang kampo ni Duterte at mga alipures nito sa iba't ibang sangay ng reaksyunaryong gubyerno matapos ianunsyo ang Oslo Joint Declaration ng NDFP at GRP para sa posibleng pagbubukas ng usapang pangkapayaan. Mahigpit ang kanilang pagtutol, laluna ng tagapagmana ni Rodrigo na si Sara Duterte na ibayong naglantad sa lumalaking biyak sa dating alyansa ng dalawang naghaharing paksyong pampulitika. Pikon na pikon sina Bato dela Rosa at mga lorong tagapagsalita ng NTF-ELCAC kasama ang sandakot na mga kontra-rebolusyonaryong taksil. Tuloy, lalo lamang silang nahiwalay at inilantad ang mga sarili bilang mga uhaw-sa-dugong kriminal at kaaway ng sambayanang Pilipino.

Sa paglaon, lumalabas na susubukin pa ang kaseryosohan ng rehimeng US-Marcos II sa pagbubukas sa usapang pangkapayapaan. Malilinaw ang pahayag nina Carlito Galvez, Eduardo Año sa nais nilang patunguhan ng usapan na pasipikasyon o ganap na pagsuko ng CPP-NPA-NDFP at kung gayo'y hindi paglutas sa ugat ng armadong tunggalian. Sa panig ng BHB, ipinapakita nito ang kaseryosohan at kapursigihang ituloy ang usapan. Unilateral itong nagdeklara ng dalawang araw na tigil-putukan nitong Disyembre 25 at 26 pero sinuklian ito ng arogansya ng AFP at ng malagim na pambobomba at *overkill* sa isang yunit ng BHB sa Bukidnon na ikinasawi ng 10 mahal na mga kasama. Inulit pa ng AFP ang walang patumanggang pambobomba noong Disyembre 27.

Milya ang layo at lubhang magkaiba ang balangkas ng pag-upo ng rebolusyonaryong kilusan at reaksyunaryong gubyerno sa usapang pangkapayapaan. Para sa aming mga rebolusyonaryo, ang usapang pangkapayapaan ay bahagi o isang arena ng laban para isulong ang pambansang kalayaan at demokrasya na maglalatag ng lipunang tunay na makatarungan, masagana at mapayapa. Taliwas ito sa nais ng reaksyunaryong gubyerno na "kapayapaan" sa gitna ng labis na pang-aapi at pagsasamantala sa masang anakpawis. Ang kapayapaang nais ng rehimeng US-Marcos II ay kapayapaan ng libingan sa anyo pagpatay at ng lansakangpaglabagsakarapatang tao at pagsupil sa mga lehitimong mga pakikibaka ng mamamayan. Mas mahalaga para sa kanila ang interes ng imperyalismo at iilang naghaharing uri. Ang usapang pangkapayapaan, ay bahagi lamang ng kabuuang pakikibaka at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan na tanging solusyon sa daantaong suliranin ng sambayanang Pilipino na imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Ang pagbubukas ng rehimeng US-Marcos II sa usapang pangkapayapaan ay nasa kabuuang balangkas ng

pasipikasyon sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ng CPP-NPA-NDFP at sa gitna ng lalong lumalalim na hidwaan ng pagitan ng paksyong Marcos at Duterte. Nais din nitong lubusang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan upang tuluyang maipokus at magamit ng imperyalistang US ang AFP sa napipintong armadong sigalot sa katunggaling imperyalistang China.

Ang mabilis at lalong pagkabulok ng lipunang malakolonyal at malapyudal na nagreresulta sa labis na pagbagsak ng kabuhayan ng masa, laluna ng mga anakpawis at ang tumitinding bangayan sa hanay ng mga naghaharing-uri na hindi masapatan sa pinaghahatiang kayamanan ay mga kondisyon para higit na papag-alabin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa papet, pasista at palpak na rehimeng US-Marcos II.

Habang nagbubukas ang oportunidad ng posibleng pagtutuloy ng usapan, dapat na maging mapagbantay ang taumbayan at rebolusyonaryong pwersa sa bitag ng kapitulasyon. Makakaasa ang mamamayan sa BHB na hinding-hindi namin bibitiwan ang aming mga baril bagkus ay lalong hihigpitan ang paghawak dito habang nakikipag-negosasyon sa reaksyunaryong gubyerno. Kasabay nito, dapat higit na paigtingin ang mga pakikibakang masa para isulong ang kanilang mga demokratikong interes at kahilingan. Higit sa lahat, dapat palakasin at palawakin ang paglaban ng mamamayan at paigtingin ang digmang bayan sa Palawan at buong bansa para ganap na ibagsak ang rehimeng mapang-abuso at mapang-alipin at kamtin ang tunay na matagalang kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.

## Ang mga tinik at tilos na sagka sa pagsulong ng usapang pangkapayapaan

(1) PP360 o pagtalikod sa usapang pangkapayapaan at pagpapawalambisa sa lahat ng naging mga kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP mula pa noong 1992 kabilang ang CARHRIHL, JASIG atbp.

(2) PP374 o deklarasyong terorista sa PKP at BHB; ganundin ang kasunod na deklarasyong terorista ang NDFP

(3) Iligal na detensyon sa 12 konsultant ng NDFP na kasangkot sa usapan at protektado ng JASIG, ganundin sa lahat ng bilanggong pulitikal

(4) Pag-iral ng EO 70, Memo Order 42, ng NTF-ELCAC at Anti-terror *law* na instrumento ng pasismo at panunupil sa pakikibakang bayan

(5) Walang patumanggang pambobomba at panganganyon sa mga komunidad at kanayunan

## PULANG SALUDO

***Katapangan hanggang huling hininga ang bumubuhay sa isang martir lampas sa kanyang kamatayan.*** *Sa seksyong ito, kinikilala at dinadakila natin ang mga kasamang nagbuwis ng buhay para sa sambayanan. Inaalala natin ang kanilang naging dakilang ambag, kasaysayan at buhay-pakikibaka. Pulang saludo sa inyong mabubuting anak ng bayan! Mabuhay kayong mga di-pangkaraniwan!*

# Josephine "Ka Sandy" Mendoza

Oktubre 8, 1964-Nobyembre 10, 2023

***"Ka Cecil, Ka Billy", .ilan lamang ito sa mga pangalang nakilala ng mga kasama at rebolusyonaryong masa sa Palawan kay Ka Sandy. Sa rehiyong TK, tumayo siyang ikalawang pangalawang kalihim ng Partido at sa buong bansa bilang kagawad ng Komite Sentral. Pumanaw siya sa sakit noong Nobyembre 10, sa edad na 59.***

***Kabilang siya sa mga gumampan ng napakahalagang papel sa paghahanda para sa muling pagbabalik ng Hukbo at pagsusulong ng armadong pakikibaka, ganundin sa pagsusulong ng hayag na kilusang masa at ng gawain sa nagkakaisang prente sa Palawan.***

***Una siyang kumilos sa Palawan noong 1995 bilang bahagi ng namumunong komite ng Partido sa probinsya. Pinangunahan nya ang pagbaka at pagbunot ng ugat ng NGOismo, ligalismo at environmentalismong nakaangat-sa-uri na sumagipsip sa hayag na mga pormasyong ligal. Matalas na nakibaka rito si Ka Billy at matatag na tumindig at tumalima sa pambansang panawagan ng Partido para sa kilusang pagwawasto. Bilang itinalagang kalihim ng***



Partido sa puting purok ng probinsya, kinumpuni ni Ka Billy ang mga organisasyon ng Partido at masa at epektibong pinamunuan ang pag-ugat nito sa mamamayan.

Huling bahagi (Disyembre) 1996, pinangasiwaan niya ang tatlong pangkat pagsisiyasat na itinalaga sa norte, gitna at timog na bahagi ng probinsya. Masigasig niyang inalam ang kalagayan at resulta ng gawain ng mga tim, ginabayan at inarmasan ang mga kasama sa pagharap sa mga hamon ng gawain. Sa panahong nabuo na ang mga sandatahang yunit pampropaganda (SYP), may mga panahong sumasanib sa mga yunit si Ka Billy. Kaya naman malalim ang kanyang paggagap sa sitwasyon ng gawain at ng mga kasama.

Kaalinsabay ng pagsulong ng armadong kilusan ang pagsigla at paglawak rin ng hayag na kilusang masa sa pamumuno ni Ka Billy. Mula sa mga nagpultaym na mga kasapi ng Partido sa *white area*, nakapagbuo ng mga *organizing team* na tumutok sa pagpapalawak at tumulong sa pagkokonsolida ng mga samahang magsasaka at mangingisda. Nagkakailan rin ang mga napapultaym na kabataang aktibista na produkto ng mga lokal na pakikibakang masa.

Sumulong rin ang gawain sa nagkakaisang prente at nabuo ang pamprobinsyang alyansa para sa karapatang pantao. Sumigla rin ang mga pagkilos ng masa at nakakapaglunsad ng mga pagkilos upang tugunan ang mga lokal na isyu – sa pagmimina, sa pagpapalayas sa masa sa Isla Sombrero, isyu ng masa sa asinan, at iba pa.

Maraming *first time* sa hayag na kilusang masa sa Palawan noong panahon ni Ka Billy. Sa unang pagkakataon nakapagpaluwas ng mga organisadong masa mula sa Palawan upang lumahok sa kilos-protesta sa Maynila noong huling kwarto ng 1997.

Unang pagkakataon rin na nakapaglunsad ng *rally* sa Puerto Princesa upang gunitain ang Human Rights Day noong 1997. Naging daan ito sa pagpapataas ng kamalayan ng masa hinggil sa kanilang mga karapatang pantao. Ito rin ang kauna-unahang pamprobinsyang kilos-protesta sa Palawan.

Pinakamalaking tagumpay ng komite sa pamumuno ni Ka Billy ang pagpapasampa sa hukbo. Masigla rin ang programa nito sa pagpapa-*exposure* at TOD ng pwersa mula sa puting purok.

Nang malipat sa ibang gawain sa saklaw ng rehiyon noong 1999, iniwan ni Ka Sandy ang probinsya na may tatlong sonang gerilya at malakas na komite ng Partido sa puting purok na magiging angkla ng tuluy-tuloy na pagsulong ng mga gawain sa mga susunod na taon at dekada. Bagama't maiksing panahon lamang ang nailaan ni Ka Sandy sa Palawan, naging pangmatagalan ang bunga ng kanyang mga pagsisikap.

Kahit pa nalipat na si Ka Sandy sa ibang gawain, hindi niya kinalimutan ang mga usapin sa Palawan. Habang gumagampan ng namumunong papel sa pagpapasigla ng kilusang masa sa rehiyon mula 1999, dinala niya sa panrehiyon at pambansang entablado ang pakikibakang masa ng mga Palaweño. Kabilang sa mga ito ang nagpapatuloy na interbensyong militar ng US sa bansa, pagtatayo ng lihim na *naval base* ng US sa Oyster Bay, pagsadsad ng barkong pandigma ng US na USS Minesweeper sa Tubbataha Reef, laban ng mga magsasaka sa Yulo King Ranch, pakikibaka ng mga mangingisda, atbp.

Para sa mga Palaweño at mga rebolusyonaryong pwersa sa probinsya, si Ka Sandy ay isang mahusay na guro, pinuno at kasabay nito'y mag-aaral ng masa. Magiliw siya sa masa — ito man ay sa panahon ng mga pormal na pag-aaral at mga talakayan, mga simpleng integrasyon at kwentuhan, hanggang sa pagbabahagi ng kanyang angking galing sa pag-awit at paggigitara. Para sa mga kasamang nakasama niya sa gawain at napamunuan niya, hindi lamang siya isang mahusay na pinuno at taktisyan sa mga gitgitang labanan sa pulitika, kundi pati na rin sa iba pang aspeto ng buhay-rebolusyonaryo ng mga kasama. Huwaran din siya bilang isang babae at inang rebolusyonaryo at pinuno.